



## Ano ang kailangan kong gawin bago ako maglakbay

Bago ka maglakbay sa Australia, **dapat** mong kumpletuhin ang [Pahayag ng Paglalakbay sa Australia](#).

### Pre-departure na pagsusuri sa COVID-19

Kinakailangan ang negatibong COVID-19 Polymerase Chain Reaction (PCR) na resulta ng pagsusuri para sa paglalakbay sa o pagdaan sa Australia. Maliban kung maglalakbay ka sa isang [quarantine-free na flight mula sa New Zealand](#), dapat na maibigay sa iyong airline ang patunay ng negatibong COVID-19 PCR test na kinuha 72 hours o mas mababa bago ng iyong naka-iskedyul na departure.

Dapat isuot ang mga mask sa lahat ng internasyonal na flight, kasama na sa mga paliparan. Mayroong ilang mga pagbubukod sa mga kinakailangan sa pagsubok ng pre-departure. Makikita ang higit pang impormasyon sa [website ng Kagawaran ng Kalusugan](#).

### Karagdagang mga kinakailangan

Maaring kailangan mo din ng:

- balido na [visa](#) para makapasok ng Australia
- isang [pagbubukod](#) sa mga paghihigpit ng paglalakbay sa Australia
- pahintulot na pumasok sa mga [estado o teritoryo](#) ng Australia.

Dapat na ipakita sa paliparan ang ilan sa mga dokumentong ito kapag nag-check-in ka at pagdating mo sa Australia.

### Kuwarantena

Maliban kung dumating sa Australia sa isang [quarantine-free na flight mula sa New Zealand](#), ang mga manlalakbay patungo sa Australia (kabilang ang mga mamamayan ng Australia) ay dapat na:

- mag-kuwarantenasng 14 araw sa itinalagang pasilidad ng kanilang daungan ng pagdating

- kumpletuhin ang lahat ng nauugnay na mga pahayag at form para maayos namin ang [quarantine](#); at
- magsagawa ng contact tracing, sa kaganapan ng positibong kaso ng COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [Coronavirus \(COVID-19\) payo para sa mga internasyonal na manlalakbay](#). Maaaring kailangan kang magbayad para sa mga gastos ng iyong pag-kuwarantenas. Para alamin pa ang mga kailangan sa pag-kuwarantenas, makipag-ugnayan sa angkop na [kagawaran ng kalusugan ng gobyerno ng estado o teritoryo](#).

## **Bumabalik na mga Australyano**

Kung isa kang mamamayan ng Australia o permanenteng residente ng Australia na sumusubok na bumalik sa Australia at hindi nagawa, maaari mong irehistro ang iyong mga detalye sa Department of Foreign Affairs and Trade (DFAT):

<https://covid19.dfat.gov.au/citizeninformation/s/>

Hindi ka magagarantiyahan ng DFAT ng flight pauwi, ngunit susuriin nila ang iyong personal na kalagayan at pagiging karapat-dapat para sa komersyal na flight na pinabilis ng gobyerno.